Iniligtas Mula sa Maapoy na Hurno!

Tagubilin: Gawin ito sa tahimik na lugar. Habang binabasa mo ang mga teksto, isipin mong naroroon ka. Ilarawan sa iyong isip ang eksena. Isipin mong naririnig mo sila. Damhin mo ang nadarama ng pangunahing mga tauhan. Gawing buháy na buháy sa iyong isipan ang kuwento.

Pangunahing mga tauhan: Sadrac, Mesac, Abednego, at Nabucodonosor

Sumaryo: Nasubok ang pananampalataya ng tatlong kabataang Hebreo.

❶ ***PAG-ISIPAN ANG EKSENA.—BASAHIN ANG DANIEL 3:1-30.***

Ano ang "naririnig" mo habang binabasa mo ang talata 3-7? _____

_____

Ilarawan ang maapoy na hurno. _____

_____

Ano sa palagay mo ang nadarama ni Nabucodonosor habang iniuutos niyang pa-initin ang hurno nang pitong ulit kaysa sa kinagawian? (*Basahing muli ang talata 19 at 20.*) _____

_____

Ano ang hitsura ng ikaapat na lalaking nasa loob ng hurno? (*Basahing muli ang talata 24 at 25.*) _____

_____

Ano ang napansin mong mga katangian nina Sadrac, Mesac, at Abednego habang nakikipag-usap kay Nabucodonosor sa talata 16-18? _____

_____

❷ ***PAG-ARALANG MABUTI.***

Magsaliksik tungkol sa sukat na isang siko, at kalkulahin kung gaano kalaki ang imaheng ginawa ni Nabucodonosor. (*Basahing muli ang talata 1.*) _____

_____

Kung ikukumpara mo ang talata 19 at 20 sa talata 28 at 29, ano kayang uri ng tao si Nabucodonosor? _____

_____

3 ***GAMITIN ANG IYONG NATUTUHAN. ISULAT ANG IYONG NATUTUHAN TUNGKOL . . .***

Sa pagpapakita ng paggalang sa mga may awtoridad. _____

_____

_____

Sa kahalagahan ng paninindigan sa iyong paniniwala. _____

_____

_____

Sa suporta ni Jehova sa mga panahon ng pagsubok. _____

_____

_____

PARA MAGAMIT PA ANG IYONG NATUTUHAN.

Kailan puwedeng masubok ang *iyong* pananampalataya? _____

_____

_____

Paano ka matutulungan ng karanasan nina Sadrac, Mesac, at Abednego na manatiling tapat?

_____

_____

_____

_____

4 ***ANONG BAHAGI NG KUWENTONG ITO ANG PINAKAGUSTO MO, AT BAKIT?***

_____

_____

_____

_____

www.jw.org © 2011 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania